


Edukasyon sa Pagpapakatao

Ikalawang Markahan – Modyul 1:
Ang Pagkukusa sa Makataong
Kilos



**Edukasyon sa Pagpapakatao – Ikasampung Baitang
Alternative Delivery Mode
Ikalawang Markahan – Modyul 1: Ang Pagkukusa sa Makataong Kilos
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyulna ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat: Mariciel A. Bagayao

Editor: Annie Rose B. Cayasen

Tagasuri: Erlinda C. Quinuan

Tagaguhit: Julius G. Takimpay

Tagalapat: Pepe M. Tabanao Jr.

Tagapamahala: May B. Eclar, Benilda M. Daytaca, Carmel F. Meris, Rosita C. Agnasi,
Edgar H. Madlaing, Rizalyn A. Guznian, Sonia D. Dupagan,
Erlinda C. Quinuan, Vicenta C. Danigos

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – Rehiyong Pampangasiwaan ng Cordillera

Office Address: Wangal, La Trinidad, Benguet

Telefax: (074)-422-4074

E-mail Address: car@deped.gov.

10

Edukasyon sa Pagpapakatao

Ikalawang Markahan – Modyul 1:
Ang Pagkukusa sa Makataong
Kilos

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.

Aralin

1

Pagkukusa sa Makataong Kilos Nagmumula sa Kalooban

Isa sa mga kadalasang naririnig ng mga *kabataan mula* sa mga matatanda at mga magulang ang, “*Matuto ka namang magkusa dahil hindi ka na bata!*” Sa ganitong pahayag, ang inaasahan nila mula sa bata ay ang pagiging responsible at may pagkukusang loob na gawin ang tama. Bakit ganoon kalaki ang inaaasahan na dapat gawin ng isang tao? Bakit ang pagkukusa ay dapat maisapuso at palaging ginagawa lalo na sa mga gawaing humahamon sa kakayahang gumawa ng tama at lalong-lalo na ang maging mapanagutan sa ating kilos o ginawang kilos?

Ang mga konseptong nabanggit ay higit na malalaman sa pamamagitan ng pagsagot mo sa mga gawain sa modyul na ito.




Alamin

Pagkatapos mong pag-aralan ang modyul na ito, inaasahang matututuhan mo ang mga sumusunod na kasanayan at pagpapahalaga:

1. Naipaliliwanag na may pagkukusa sa makataong kilos kung nagmumula ito sa kalooban na malayang isinagawa sa pamamamnatnubay ng isip/kaalaman. (MELC- 5.1)
2. Natutukoy ang mga kilos na dapat panagutan. (MELC - 5.2)

Bago mo simulan ang gawain sa modyul, sagutin mo ang mga sumusunod na panimulang pagsubok. Handa ka na ba?



Subukin

Panuto: Basahing mabuti ang bawat pangungusap at unawain ang tanong. Piliin ang titik ng pinakaangkop na sagot at isulat ang sagot sa sagutang papel.

- ___ 1. Sa tatlong uri ng kilos ayon sa kapanagutan ni Aristotle, alin ang karapat-dapat panagutan?
 - a. Walang kusang-loob
 - b. Di kusang-loob
 - c. Kusang-loob
 - d. Kilos ng tao

- ___ 2. Alam mong bawal at labag sa iyong kalooban ang “dagdag timbang” pero ginawa mo pa rin dahil katwiran mo, ginagawa naman ito ng lahat ng nagtitinda sa palengke. Anong uri ito ng kilos ayon sa kapanagutan?
 - a. Walang kusang-loob
 - b. Di kusang-loob
 - c. Kusang-loob
 - d. Kilos ng tao

- ___ 3. Paano mailalarawan ang *kusang-loob* na kilos ayon kay Aristotle?
 - a. Ang kilos ay nagpapakita ng kaalaman tungkol sa gawain at pagsang-ayon
 - b. Ang kilos ay hindi isinagawa bagaman may kaalaman sa gawain na dapat isakatuparan
 - c. Ang kilos ay walang pagsang-ayon dahil walang kaalaman ang taong nagsasagawa dito
 - d. Ang kilos ay resulta ng bulong ng konsensiya

- ___ 4. Ikaw ay laging tumutugon sa tawag ng komunidad sa panahon ng pangangailangan, sinisiguro mong kahit na maliit na bagay ay may maitutulong ka sa inyong lugar. Sa gawaing tulad nito, may kapanagutan ka ba sa kahihinatnan ng iyong kilos? Bakit?
 - a. Wala, dahil hindi masama ang layunin o intensiyon ng pagtulong
 - b. Wala, dahil kusa kong ginawa ito at walang pumilit
 - c. Oo, dahil mayroon akong lubos na pagkaunawa sa kalikasan ng aking gagawin at kahihinatnan nito
 - d. Oo, kung may masamang magiging bunga ng aking ginawa

- _____ 5. Bakit hindi mapanagot ang taong nagsagawa ng kilos sa *walang kusang-loob* na uri ng kilos?
- May depektibo sa intensiyon at pagsang-ayon ng taong nagsagawa sa kilos
 - Ang tao ay walang alam kaya't walang pagkukusa sa kilos
 - Ang tao ay may kaalaman sa gawain na dapat isakatuparan pero hindi isinagawa
 - Ang tao ay may lubos na pagkaunawa sa kalikasan at kahihinatnan ng kilos
- _____ 6. Ang mga hindi mo namamalayang galaw ng iyong katawangaya ng paghikab, reaksiyon sa pagkagulat o pagkurap ng mata ay mga halimbawa ng _____.
- Kilos ng tao
 - Di kusang-loob
 - Kusang-loob
 - Nakasanayang kilos
- _____ 7. Nakapulot si Elsa ng *bag* na naglalaman ng pera. Alam niyang hindi niya dapat buksan ito dahil hindi niya pag-aari pero nagbabasakali siyang makakita ng pagkakakilanlan ng may-ari ng bag. Sa sitwasyong ito, alin ang maituturing na *makataong kilos*?
- Ang pagkapulot niya ng bag na naglalaman ng pera
 - Ang pagbukas niya sa bag para malaman ang pagkakakilanlan ng may-ari
 - Alam niyang mali na buksan ang bag na hindi niya pag-aari
 - Nagbabasakaling makilala ang ma-ari ng bag
- _____ 8. Buong husay na ginagawa ni Elmer ang kaniyang mga proyekto sa lahat ng kaniyang asignatura. Alam niyang mataas na grado ang katumbas nito at tiyak na ikatutuwa ng kaniyang mga magulang. Bakit *kusang-loob* na uri ng kilos ang nasa sitwasyon?
- Maliwanag sa halimbawa na kusa at may lubos na kaalaman si Elmer sa ginagawa niya
 - Maliwanag na hindi niya namamalayang nagagawa pala niya nang maayos ang kaniyang proyekto
 - Maliwanag na hindi niya ginusto ang kaniyang ginagawa dahil lamang sa kagustuhan niyang matuwa ang kaniyang mga magulang
 - Ang sitwasyon ay hindi nagpapakita ng kusang-loob na uri ng kilos kundi ito ay walang kusang-loob

Panuto: Punan ng wastong salita ang bawat patlang upang mabuo ang bawat pahayag.

konsensiya	isip	kilos-loob
kapanagutan	mabuti	kilos
masama	kalikasan	sarili

9. Ang _____ ang nagbibigay patunay kung ang isang tao ay may kontrol at pananagutan sa sarili.
- 10-12. Ang taong gumawa sa kilos ay walang pananagutan kung ang kilos ay ayon sa kaniyang _____ bilang tao at hindi ginagamitan ng _____ at _____.
13. Kailangang maging maingat ang tao sa paggawa ng makataong kilos sapagkat sa bawat kilos na ginawa nang may pang-unawa ay may _____.
14. Ang tao ay may kapanagutan kung ang kilos ay malayang pinili mula sa paghuhusga at pagsusuri ng _____.
15. Kung _____ ang kilos, ito ay katanggap-tanggap at dapat ipagpatuloy.



Balikan

Natutuhan mo sa modyul 4, na ang tao ay biniyayaan ng kakayahan at ganap na kalayaang pumili ng pasiya. Ang tunay na kalayaang tinutukoy dito ay ang pagkilala sa iyong pananagutan sa kung anuman ang kahihinatnan (mabuti o masama) ng iyong piniling kilos.

GAWAIN 1: Balik-tanaw

Panuto: Mag-isip ng mga pangyayari sa iyong buhay sa mga nakaraang buwan at isipin kung mayroon kang ginawang kilos. Ano ang kilos na iyong nagawa? Sagutin ang mga pamprosesong tanong.

Pamprosesong tanong:

1. Lahat ba ng nagawa mong kilos ay tama? oo o hindi, Bakit?
2. Kusa ba sa iyong kalooban ang kilos na iyong ginawa?
3. Binigyang pansin mo ba ang pananagutan mo sa kahihinatnan ng pinili mong pasiya?

Kung mabibigyan ka ng isa pang pagkakataon, uulitin mo ba ang parehas na kilos? Oo o Hindi, Bakit?



Tuklasin

GAWAIN 2: “**Ug-ugbo**”

Panuto: Basahin at unawain ang bawat linya ng awitin sa ibaba pagkatapos ay sagutin ang mga katanungan.

Ug-ugbo

Sanaysay ni Annie Rose B. Cayasen

Ang salitang “ug-ugbo” ay salitang Kankana-ey ng mga taga Mayag, isang baryo ng Bauko sa probinsiya ng Montañosa sa rehiyon ng Cordillera, na ang ibig sabihin ay pagtutulungan, sinasalamín ang diwa ng boluntaryong pakikiisa ng bawat naninirahan dito.

Ito ay pagtutulungan sa mga pang araw- araw na gawaing karaniwan ay sa nayon nangyayari. Ang *Ug-ugbo* ay nangyayari sa mga grupo ng kalalakihan o grupo ng mag kababaihan.

Ginagawa ang ug-ugbo para mapabilis ang pagtapos ng isang trabaho at para na rin mapagaan ang paraan ng paggawa ng sama-sama.

Karaniwan ay isinasagawa ang *ug-ugbo* sa gawaing bukid. Kapag may sampung miyembro sa isang grupo, sila ay magbubunutan ng petsa na itinakda nilang sampung araw upang magtrabaho sa bukid. Gagawin ng grupo kung ano ang ipagagawa ng taong nakabunot sa petsa na iyon. Ang unang araw halimbawa ay nabunot ni Gatan, lahat ng kasali sa grupo ni Gatan ay pupunta sa kanilang bukid at gagawin ang ipapagawa niya sa buong grupo. Kung pag-aararo at paghahanda ng hagdan-hagdang palayan ang ipagagawa niya, lahat ay magtutulungan mula umaga hanggang uwian.

Sa grupo ay maaaring magkagrupo ang mga babae sa lalaki lalo na yong mga pamilya na walang taga-araro o walang babaeng malakas upang magtrabaho. Halimbawa, si Bugan ang nakabunot ng ikalawang araw, lahat ng kagrupo niya ay magtatrabaho sa kanilang bukid. Maaring taga-araro o taga-bungkal ang mga lalaki at taga-tanim ang mga babae.

Ang paraan na ito ay matatapos kapag lahat ng miyembro sa grupo ay napuntahan na.

Sagutin Mo

1. Ano ang ibig ipahiwatig ng sanaysay?
2. Anong imahe ang mabubuo mo sa mga taong nagtutulungan sa “ug-ugbo”?

Sa iyong palagay, may pananagutan kaya ang bawat taong kasali sa grupo ng “ug-ugbo”. Bakit?



Suriin

Sa araw-araw nating buhay, hindi natin maiiwasan na tayo ay husgahan batay sa ating ikinikilos. Ang imahe natin ay nakasalalay sa ating mga kilos. Ayon kay Agapay, nakasalalay kung anong uri ng tao ang isang indibiduwal sa ikinikilos sa kasalukuyan at sa susunod pa na mga araw. Ayon pa rin sa kanya, ang kilos ang nagsisilbing salamin na nagpapakita kung ang isang tao ay may kontrol at pananagutan sa sarili.

Dahil dito mahalaga na isipin munang maigi ang ating gagawin na kilos bago ito isakatuparan. Dapat din na maunawaan ang bawat kilos ng ibang tao para maibigay natin ang nararapat na kilos na ating gagawin. Lagi nating tandaan na ang kilos ay kaakibat ang pananagutan.


2 URI NG KILOS NG TAO

May dalawang uri ang kilos ng tao: ang kilos ng tao (*acts of man*) at makataong kilos (*humane act*).

<p>1. Kilos ng tao (Acts of man). - Mga naisasagawang kilos na labas sa kanyang kontrol na ayon sa kalikasan bilang tao -Ang mga kilos na ito ay hindi ginagamitan ng isip (intellect) at kilos-loob (free-will). -Walang pananagutan ang taong nagsagawa ng kilos.</p> <p>Halimbawa: pagkurap ng mata, paghikab, pag-ih</p>	<p>2. Makataong Kilos (Humane act) - Ito ay mga kilos ng tao na isinasaagawang may kaalaman (knowingly), malaya (free) at kusa (voluntarily) -Ang mga kilos na ito ay ginagamitan ng isip (intellect) at kilos-loob (free will) - Ano man ang kahihinatnan ng kilos ay pananagutan ng taong nagsagawa ng kilos. Halimbawa: pagnanakaw, hinsipagsabi ng totoo, pagkalat ng dumi</p>
--	--

3 URI NG KILOS AYON SA KAPANAGUTAN (*Accountability*) Ayon kay Aristotle

1. KUSANG-LOOB - ito ang kilos na isinasagawa nang may kaalaman at pagsang-ayon sa kahihinatnan ng kilos nito.
- 2.
2. WALANG KUSANG-LOOB –kilos na isinasagawa nang walang kaalaman, walang pagsang-ayon kaya walang pagkukusa sa kilos.
3. DI KUSANG-LOOB - kilos na isinasagawa nang may kaalaman ngunit kulang ang pagsang-ayon. Ibig sabihin, ang gumagawa sa kilos ay may kaalaman sa gawain na dapat isakatuparan pero hindi isinagawa. Ito rin ay ang sapilitan pagsagawa ng kilos.



Pagyamanin

GAWAIN 3: Pagsusuri - Makataong Kilos: Pagkukusa o di-pagkukusa

Panuto: Suriing mabuti ang pangyayaring nakasaad sa komiks at pagkatapos ay ibigay ang hinihiling ng bawat katanungan.

Komiks 1



Komiks 2

May kakaibang ekspresyon si Dean sa kaniyang mukha. Madalas ang pagkindat ng kaniyang kanang mata.



Minsan sa kaniyang pamamasyal, dahil sa manerismo niyang ito'y lumapit ang isang dalaga at nagalit sa kaniyang panggingindat.



BASTOS KA! BAKIT MO AKO KINIKINDATAN HAH?!



Humingi ng paumanhin si Dean kahit iyon ay isang manerismo niya.



Komiks 3

Isa si Mang Tany sa mga natanggal nang nagbawas ng mga empleyado ang kaniyang pinapasukang pagawaan.



Sa kaniya lang umaasa ang tatlong maliliit na anak.



Sa sitwasyon niyang ito, may isang kaibigan na nag-alok ng isang masamang gawain, kapalit ang malaking halaga ng pera



Batid niyang masama itong gawain pero ginawa pa rin niya dahil sa matinding pangangailangan sa pera




Ibigay ang hinihiling ng bawat hanay ayon sa iyong pagsusuri. Isang punto sa bawat kahon.

Komiks	Uri ng pagkukusa ayon kay Aristotle	Tukuyin at isulat ang kilos na ginawa ng pangunahing tauhan sa komiks	Ang kilos ba na ginawa ng pangunahing tauhan ay pagkukusa sa kanilang kalooban? Oo o hindi, Ipaliwanag	Nararapat ba ang ginawa ng pangunahing tauhan? Oo o hindi, kung hindi ibigay ang nararapat na kilos.
Komiks 1				
Komiks 2				
Komiks 3				

GAWAIN 4: Pagtukoy ng mapanagutang kilos.

Panuto: Basahin at unawain ang sitwasyon na nakasaad at tukuying ang mga kilos na dapat panagutan.



Sitwasyon 1

Sa gitna ng panonood ni Billy sa isang pelikula mula sa *youtube* ay biglang may sumingit na malaswang panoorin. Hindi sadya na makita ni Billy ang malaswang panooring yon. Hindi niya ito inintindi at bagkus tinakpan pa niya ang kanyang mata para hindi niya ito lubos Makita, inalis niya lamang ang kamay sa mata nang natapos at saka niya ipinagpatuloy ang panonood. Nilampasan niya ito at ipinagpatuloy ang pinapanood na pelikula.



Tanong:

(1) Ano ang makataong kilos na ginawa ni Billy?

(2) Mayroon bang pagkukusa si Billy na gawin ang kilos na iyon? Oo o hindi, Bakit?

(2) Nararapat ba ang ginawa ni Billy? Bakit?

(3) Mayroon bang dapat panagutan si Billy sa kanyang ikinilos? Ipaliwanag

Sitwasyon 2:

Dahil sa pandemya, nagkaroon ng agarang pagsususpende ng klase na nagtuloy-tuloy. Pati ikaapat na pagsusulit ay hindi na natuloy at ang mga grado ay na *compute* sa pamamagitan ng bagong *transmutable table* na ibinigay ng *central office*. Pagkatapos mag *compute* ang guro nakita niya na si Armando ay bumagsak sa *Science*. Sinabihan ng guro si Armando na magkaroon siya ng karagdagang gawain para siya ay pumasa. Binigyan siya ng guro ng 5 modyul sa *science* at sinabihan na gagawin niya ito ng dalawang Linggo. Ngunit, dahil sa tinulungan niya ang kanyang magulang sa harden hindi natapos ni Armando ang dalawang modyul kaya ang kanyang ginawa ay pinasagutan niya ito sa kanyang barkada na si Jerome. Bilang kabayaran sa pagsagot ni Jerome sa dalawang modyul binigyan niya ito ng pera.

Tanong:

(1) Ano ang makataong kilos na ginawa ni Armando?

(2) Mayroon bang pagkukusa si Armando na gawin ang kilos na iyon? Oo o hindi, Bakit? _____

(3) Nararapat ba ang ginawa ni Armando?

Bakit? _____

(4) Mayroon bang dapat panagutan si Armando sa kanyang ginawa? Ipaliwanag

(5) Mayroon bang dapat panagutan si Jerome sa kanyang ginawa? Ipaliwanag


Pamantayan sa pagbibigay ng iskor sa Gawain 4

Napakahusay 10	Mahusay 8	Nalilinang 5	Nagsisimula 2
Lahat ng mga kasagutan na naibigay ang makatotohanan at makatuwiran	May isang kasagutan na naibigay ang hindi makatotohanan at makatuwiran	May dalawang kasagutan na naibigay ang hindi makatotohanan at makatuwiran	May higit sa dalawa na kasagutan na naibigay ang hindi makatotohanan at makatuwiran

GAWAIN 5: Kilos ko, panagutan ko

Panuto: Sa pamamagitan ng *Mapping Activity*, ibigay ang kilos ayon sa Kapanagutan sa iba't-ibang aspeto. Sundin ang *format* sa ibaba.

Tatlong pagkukusang kilos ayon sa pananagutan ng isang anak	➔			
Tatlong pagkukusang kilos ayon sa pananagutan ng isang mag-aaral	➔			
Tatlong pagkukusang kilos ayon sa pananagutan ng isang kapitbahay	➔			
Ilang kabutihang dulot ng may pagkukusa na gawin ang mga pananagutang kilos ng isang anak, mag-aaral at kapitbahay	➔			



Isaisip

GAWAIN 6: Ang natutunan ko


Panuto: Punan ng wastong salita ang mga patlang upang mabuo ang konsepto ng ating aralin. Piliin ang sagot sa mga pagpipilian sa kahon.

kaalaman	kagustuhan	kilos	pagkukusa	pagsang-ayon
----------	------------	-------	-----------	--------------

Ang imahe ng isang tao ay nakasalalay sa kaniyang mga (1) _____ sa kasalukuyan at sa susunod pa na mga araw.

Dapat nating isaalang-alang na sa bawat kilos na pinili ay may kapanagutan. May pananagutan ka sa iyong kilos kung ito ay isinagawa nang may (2) _____ (3) _____ at may (4) _____

Ang bigat ng pananagutan sa kinakaharap na sitwasyon ay nakabatay sa bigat ng (5) _____ na gawin ang isang kilos.



Isagawa

GAWAIN 7: Mapanagutang Kilos

Panuto: Kung maharap ka sa mga sitwasyon sa ibaba, ano ang dapat mong gawin? Ipaliwanag ang iyong kasagutan. (Limang puntos bawat aytem)

Pangyayari	Pasiya	Pananagutan
<p>Sitwasyon 1:</p> <p>Nawawala ang <i>cellphone</i> ng isa ninyong kamag-aral. At dahil walang umaamin kung sino ang kumuha, Si Bernardo ay inatasan ng guro na buksan ang <i>bags</i> ng mga kaklase.</p> <p>Doon nalaman ni Bernardo na ang kumuha sa <i>cellphone</i> ay ang <i>bully</i> nilang kaklase. Dahil sa takot na siya ay paghihigantihan at aabangan ng grupo pagkatapos ng klase, hindi na niya isinumbong sa guro ang kanyang nakita.</p>	<p>Tanong: Ano ang naging pasya ni Bernardo?</p> <p>Sagot:</p> <p>Tanong: Ang desisyon ba ni Bernardo ay may pagkukusa? Oo o hindi, Bakit?</p> <p>Sagot:</p>	<p>Tanong: May pananagutan ba si Bernardo sa kanyang pasiya? Oo o hindi, Bakit?</p> <p>Sagot:</p> <p>Tanong: Bilang kaibigan ni Bernardo, ano ang ipapayo mo sa kanya?</p> <p>Sagot:</p>
<p>Sitwasyon 2:</p> <p>Ipinagbilin ng nanay ni Elmer na hindi muna siya sasama sa mga barkada sa paglalaro ng basketball dahil kailangan ni Elmer na magrepaso para sa</p>	<p>Tanong: Ano ang naging pasya ni Elmer?</p> <p>Sagot:</p>	<p>Tanong: May pananagutan ba si Elmer sa kanyang pasiya? Oo o hindi, Bakit?</p> <p>Sagot:</p>

<p>kanilang pagsusulit sa susunod na araw. Pero pag-alis ng nanay niya ay dali dali ring lumabas si Elmer at sumama sa kanyang mga barkada.</p>	<p>Tanong: Ang desisyon ba ni Elmer ay may pagkukusa? Oo o hindi, Bakit?</p> <p>Sagot:</p>	<p>Tanong: Bilang kaibigan ni Elmer, ano ang ipapayo mo sa kanya?</p> <p>Sagot:</p>
---	--	---

Pamantayan sa pagbibigay ng iskor sa Gawain 7

Napakahusay 10	Mahusay 8	Nalilinig 5	Nagsisimula 2
Lahat ng mga kasagutan na naibigay ang makatotohanan at makatuwiran	May isang kasagutan na naibigay ang hindi makatotohanan at makatuwiran	May dalawang kasagutan na naibigay ang hindi makatotohanan at makatuwiran	May higit sa dalawa na kasagutan na naibigay ang hindi makatotohanan at makatuwiran



Tayahin

Panuto: Basahing at unawaing mabuti ang bawat pangungusap. Piliin ang titik ng pinakaangkop na sagot at isulat sa patlang na nakalaan bago ang mga bilang.

- ___ 1. Ang mga hindi mo namamalayang galaw ng iyong katawan gaya ng paghikab, reaksiyon sa pagkagulat o pagkurap ng mata ay mga halimbawa ng ____.
- Kilos ng tao
 - Di kusang-loob
 - Kusang-loob
 - Nakasanayang kilos
- ___ 2. Paano mailalarawan ang kusang-loob na kilos ayon kay Aristotle?
- Ang kilos ay nagpapakita ng kaalaman tungkol sa gawain at pagsang ayon
 - Ang kilos ay hindi isinagawa bagaman may kaalaman sa gawain na dapat isakatuparan
 - Ang kilos ay walang pagsang-ayon dahil walang kaalaman ang taong nagsasagawa dito
 - Ang kilos ay resulta ng bulong ng konsensiya
- ___ 3. Nakapulot si Elsa ng bag na naglalaman ng pera. Alam niyang hindi niya dapat buksan ito dahil hindi niya pag-aari pero nagbabasakali siyang makakita ng pagkakakilanlan ng may-ari ng bag. Sa sitwasyong ito, alin ang maituturing na makataong kilos?
- Ang pagkapulot niya ng bag na naglalaman ng pera
 - Ang pagbukas niya sa bag para malaman ang pagkakakilanlan ng may-ari
 - Alam niyang mali na buksan ang bag na hindi niya pag-aari
 - Nagbabasakaling makilala ang ma-ari ng bag
- ___ 4. Buong husay na ginagawa ni Elmer ang kaniyang mga proyekto sa lahat ng kaniyang asignatura. Alam niyang mataas na grado ang katumbas nito at tiyak na ikatutuwa ng kaniyang mga magulang. Bakit kusang-loob na uri ng kilos ang nasa sitwasyon?
- Maliwanag sa halimbawa na kusa at may lubos na kaalaman si Elmer sa ginagawa niya

- b. Maliwanag na hindi niya namamalayang nagagawa pala niya nang maayos ang kaniyang proyekto
 - c. Maliwanag na hindi niya ginusto ang kaniyang ginagawa dahil lamang sa kagustuhan niyang matuwa ang kaniyang mga magulang
 - d. Ang sitwasyon ay hindi nagpapakita ng kusang-loob na uri ng kilos kundi ito ay walang kusang-loob
- _____5. Ikaw ay laging tumutugon sa tawag ng komunidad sa panahon ng pangangailangan, sinisiguro mong kahit na maliit na bagay ay may maitutulong ka sa inyong lugar. Sa gawaing tulad nito, may kapanagutan ka ba sa kahihinatnan ng iyong kilos? Bakit?
- a. Wala, dahil hindi masama ang layunin o intensiyon ng pagtulong
 - b. Wala, dahil kusa kong ginawa ito at walang pumilit
 - c. Oo, dahil mayroon akong lubos na pagkaunawa sa kalikasan ng aking gagawin at kahihinatnan nito
 - d. Oo, kung may masamang magiging bunga ng aking ginawa
- _____6. Bakit hindi mapanagot ang taong nagsagawa ng kilos sa walang kusang-loob na uri ng kilos?
- a. May depektibo sa intensiyon at pagsang-ayon ng taong nagsagawa sa kilos
 - b. Ang tao ay walang alam kaya't walang pagkukusa sa kilos
 - c. Ang tao ay may kaalaman sa gawain na dapat isakatuparan pero hindi isinagawa
 - d. Ang tao ay may lubos na pagkaunawa sa kalikasan at kahihinatnan ng kilos
- _____7. Sa tatlong uri ng kilos ayon sa kapanagutan ni Aristotle, alin ang karapat-dapat panagutan?
- a. Walang kusang-loob
 - b. Di kusang-loob
 - c. Kusang-loob
 - d. Kilos ng tao
- _____8. Alam mong bawal at labag sa iyong kalooban ang “dagdag timbang” pero ginawa mo pa rin dahil katwiran mo, ginagawa naman ito ng lahat ng nagtitinda sa palengke. Anong uri ito ng kilos ayon sa kapanagutan?
- a. Walang kusang-loob
 - b. Di kusang-loob
 - c. Kusang-loob
 - d. Kilos ng tao


Panuto: Punan ng wastong salita ang bawat patlang upang mabuo bawat pahayag.

konsensiya
kapanagutan
masama

isip
mabuti
kalikasan

kilos-loob
Kilos, mali
sarili

- a. Kung 9. _____ ang kilos, ito ay katanggap-tanggap at dapat ipagpatuloy. At kung 10. _____ ang kilos, ito naman ay kahiya-hiya at dapat pagsisihan.
- b. Ang tao ay may kapanagutan kung ang kilos ay malayang pinili mula sa paghuhusga at pagsusuri ng 11. _____
- c. Kailangang maging maingat ang tao sa paggawa ng makataong kilos sapagkat sa bawat kilos na ginawa nang may pang-unawa ay may 12. _____
- d. Ang taong gumawa sa kilos ay walang pananagutan kung ang kilos ay ayon sa kaniyang kalikasan bilang tao at hindi ginagamitan ng 13. _____ at 14. _____.
- e. Ang 15. _____ ang nagbibigay patunay kung ang isang tao ay may kontrol at pananagutan sa sarili.



Karagdagang Gawain

GAWAIN 8:

Panuto: Mula sa natutunan mo sa ating aralin, gumawa ng maikling paliwanag na binubuo ng 2-3 na pangungusap sa katagang **“Kilos ko, Pananagutan Ko!”** (10 puntos) Gawing gabay ang pamantayansa ibaba.

Kilos Ko, Pananagutan Ko!

Pamantayan	Napakahusay 10	Mahusay 8	Nalilinan g 5	Nagsisimul a 2
Nilalaman- May tuwirang kaugnayan sa paksa tulad ng a. Orihinalidad b. Pagkakabuo c. Pagkakaugnay ng ideya d. pagkamalikhain	Nagpamalas ng 4 mula sa 4 na pamantayan	Nagpamalas ng 3 mula sa 4 na pamantayan	Nagpamalas ng 2 mula sa 4 na pamantayan	Nagpamalas ng 1 mula sa 4 na pamantayan

1. a	5. c
2. b	6. c
3. b	7. c
4. a	8. a

- a. 9. Mabuti
10. masama
- b. 11. Konsensiya
12. Kapanagutan
- c. 13. Kalikasan/isip at
14. kilos-loob
- d. 15. Kilos


Gawain 6: Ang Natutunan Ko

1. kilos 2. Kaalaman 3. kalayaan
4. pagkukusa 5. kagustuhan

Subukin

1. c	5. c
2. a	6. a
3. a	7. b
4. c	8. a

1. Kilos
2. Kalikasan/isip at kilos-loob
3. Kapanagutan
4. Konsensiya
5. Mabuti/masama



Mga Sanggunian

Aklat

MJB. Brizuela, et al. *Edukasyon sa Pagpapakatao* (Meralco Avenue, Pasig City: FEP Printing Corporation, 2015), 92-96

Mula sa internet

Canete, G. S. "Morality of Human Acts". Accessed August 12, 2020.

<https://www.slideshare.net/espituanna/human-acts>

Milch, Robert J., and Charles H. Patterson. "CliffsNotes on Ethics". 08 Aug 2020

</literature/e/ethics/about-aristotles-ethics>.

Towarzystwo, P., and Akwinu, T. "Act, Human". Accessed August 12, 2020.

<http://www.ptta.pl/pef/haslaen/a/acthuman.pdf>

For inquiries or feedback, please write or call:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph